



PATNUBAY SA MISA



14 Abril 2024

Ika-3 Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay

Taon B

Liwanag sa Karimlan

Ngayong ikalawang Linggo ng Abril, ikatlong Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, patuloy tayo sa pakikipagtagpo kay Kristong Muling Nabuhay. Pinapayapa niya ang kalooban ng kanyang mga disipulo at iminulat ang kanilang isipan upang ipaunawa ang mensahe ng Banal na Kasulatan tungkol sa kanyang kapalaran ng pighati at luwalhati. Sa tanglaw lamang ng Muling Pagkabuhay natin napagwawari ang kahulugan ng marahas na pagdurusa at kamatayan ni Kristo. Gayon din, sa liwanag ng kanyang muling pagkabuhay at buhay na walang hanggang tinamo niya para sa atin, natatanggap natin ang mga pagsubok sa buhay nang buong pananalig at hinahon. Tunay na Siya ay liwanag sa iba-ibang anyo ng karimlan.



Kay Kristong Nabuhay lamang lumilinaw ang lahat at napaglalaman natin ang maraming anyo ng kamatayang nagbabanta sa ating buhay – ang lahat ng uri ng kadiliman. Sa Eukaristiyang ito, hilingin natin ang ibayong pananalig, hinahon, at lakas para sa ating sarili at sa lahat nating mahal sa buhay.

PASIMULA



Pambungad

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa D'yos tayo ay magalak, lahat magpuri nang wagas. Sa ngalan n'ya'y ipahayag, pagpupuring walang kupas. Aleluyang walang wakas!

Pagbati

P– Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

B– Amen!

P– Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pagmamahal ng Diyos Ama, at ang pakikiisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Sa pagtitipong ito bilang mag-anak ng Diyos, buong pag-papakumbabang hilingin natin

ang kapatawaran ng Panginoon sa lahat ng ating mga kasalanan. (Manahimik saglit.)

P–Panginoong Hesus, huwaran ng Kabanalan at Katuwiran. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, ikaw ang May-akda ng Buhay. Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, tanging ikaw ang aming tagapamagitan sa Ama. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P– Ama naming makapangyarihan, lagi nawang magalak ang iyong sambayanan sa pagkakaroon ng bagong kalooban upang sa kadakilaang dulot ng pag-anib sa iyong angkan, ang araw ng pagkabuhay ay maging pag-asa sa pagdiriwang, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Gw 3:13-15.17-19*
Si Hesukristong ipinako sa krus at muling nabuhay ang pinakabuod ng pangaral ng mga apostol. Makikita natin itong itinatampok sa talumpati ni San Pedro, matapos niyang pagalingin ang isang lalaking lumpo mula nang isilang.

L– Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon, sinabi ni Pedro sa mga tao: “Ang Diyos nina Abraham, Isaac at Jacob, ang Diyos ng ating mga ninuno, ang nagbigay ng pinakamataas na karangalan sa kanyang Lingkod na si Hesus. Ngunit siya’y ibinigay ninyo sa maykapangyarihan at itinakwil sa harapan ni Pilato, gayong ipinasiya na nitong palayain siya. Itinakwil ninyo ang Banal at Matuwid, at isang mamamatay-tao ang hiniling ninyong palayain. Pinatay ninyo ang Pinagmumulan ng buhay, ngunit siya’y muling binuhay ng Diyos, at saksi kami sa bagay na ito.

At ngayon, mga kapatid, batid kong hindi ninyo nalalaman ang inyong ginawa, gayon din ang inyong mga pinuno. Ngunit sa ginawa ninyo’y natupad ang malaon nang ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta na ang Kristo’y kailangang magbata.

Kaya’t magsisi kayo at magbalik-loob sa Diyos upang pawiin niya ang inyong mga kasalanan.”

Ang Salita ng Diyos!
B–Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 4*

B–*Poon, sa ‘mi’y pasikatin, liwanag sa iyong piling!*

R. M. Velez



Po-on, sa ‘mi’y pa-si--ka-tin



li---wanag sa ‘yong pi-ling!

* Sagutin mo ako sa aking pagtawag, Panginoong Diyos na aking kalasag; ikaw na humango sa dusa ko’t hirap, ngayo’y pakinggan mo, sa aki’y mahabag. *B.*

* Nagagalit ka man, sala ay iwasan, sa loob ng silid ikaw ay magnilay; ihandog sa Poon, yaong wastong alay, ang pagtitiwala sa kanya ibigay. *B.*

* O Diyos, ang ligayang bigay mo sa akin, higit na di hamak sa galak na angkin, nilang may maraming imbak na pagkain at iniingatang alak na inumin. *B.*

* Sa aking paghimlay, ako’y mapayapa, pagkat ikaw, Poon, ang nangangalaga. *B.*

Ikalawang Pagbasa *1 Jn 2:1-5*
Ipinaaalaala sa atin ni Juang ang ating kaligtasan ay nagmumula kay Hesus at ang pagkilala at pag-ibig sa Diyos ay di lamang pang-isip at damdamin. Bagkus, ito’y higit sa lahat, pagsunod sa Kanyang mga kautusan.

L– Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Juan

Mga anak, isinusulat ko ito sa inyo para hindi kayo magkasala. Ngunit kung magkasala ang sinuman, may Tagapamagitan tayo sa Ama. At iya’y si Hesukristo, ang walang sala. Sapagkat si Kristo ang handog sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan natin, at kasalanan din ng lahat ng tao.

Nakatitiyak tayong nakikilala natin ang Diyos kung sinusunod natin ang kanyang mga utos. Ang nagsasabing, “Nakikilala ko siya,” ngunit sumusuway naman sa kanyang mga utos ay sinungaling, at wala sa kanya

ang katotohanan. Ngunit ang tumutupad sa salita ng Diyos ay umiibig sa kanya nang wagas. Ganito natin nalalamang tayo’y nasa kanya.

Ang Salita ng Diyos!
B–Salamat sa Diyos!

Aleluya *Lu 24:32*

B–Aleluya! Aleluya!
Poong Hesus, aming hiling Kasulata’y liwanagin, kami ngayo’y pag-alabin.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Lu 24:35-48*
Matapos mapaliwanagan ang dalawang disipulo ng Emaus, nagpakita si Kristong Muling Nabuhay sa iba pa niyang mga disipulo sa Jerusalem. Ginawa niya ito upang tibayan ang kanilang pananampalataya sa kanyang muling pagkabuhay at tulungan silang maunawaan ang Banal na Kasulatan tungkol sa kanya.

P–Sumainyo ang Panginoon!

B–At sumaiyo rin!

P– Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B–Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon: Samantalang pinag-uusapan ng mga alagad kung paanong nakilala si Hesus sa paghahati-hati ng tinapay, si Hesus ay tumayo sa gitna nila. “Sumainyo ang kapayapaan!” sabi niya sa kanila. Ngunit nagulat sila at natakot sapagkat akala nila’y multo ang nasa harapan nila. Kaya’t sinabi ni Hesus sa kanila, “Ano’t kayo’y nagugulumihanan? Bakit nag-aalinlangan pa kayo? Tingnan ninyo ang aking kamay at paa, ako nga ito. Hipuin ninyo ako at pagmasdan. Ang multo’y walang laman at buto, ngunit ako’y mayroon, tulad ng nakikita ninyo.” At pagkasabi nito, ipinakita niya sa kanila ang kanyang mga kamay at mga paa. Nang hindi pa rin sila makapaniwala dahil sa malaking galak at pagkamangha, tinanong sila ni Hesus, “May makakain ba riyan?” Siya’y binigyan nila ng kaputol na isdang inihaw; kinuha niya ito at kinain sa harapan nila.

Pagkatapos, sinabi sa mga alagad, “Ito ang tinutukoy ko

nang sabihin ko sa inyo noong kasama-sama pa ninyo ako: dapat matupad ang lahat ng nasusulat tungkol sa akin sa Kautusan ni Moises, sa mga aklat ng mga propeta at sa aklat ng mga Awit.” At binuksan niya ang kanilang mga pag-iisip upang maunawaan nila ang mga Kasulatan. Sinabi niya sa kanila, “Ganito ang nasusulat: kinakailangang magbata ng hirap at mamatay ang Mesiyas at muling mabuhay sa ikatlong araw. Sa kanyang pangalan, ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan ay dapat ipangaral sa lahat ng bansa, magmula sa Jerusalem. Kayo ang mga saksi sa mga bagay na ito.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Bilang tagasunod ni Kristo, tinatawag tayong magpatotoo sa katunayang tayo’y iniligtas ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus. Dahil sa maraming kakulangan at kahinaan natin

sa tungkuling ito, humiling tayo bilang bayan sa kanya at ihatid ang ating mga dagdag pang kahilingan:

B – Panginoon, dinggin mo kami!

* Nawa’y ang buong Simbahan, sa pamamantubay ng kanyang mga pinuno, ay hindi manghinawa sa pagpapahayag ng Muling Pagkabuhay ng Panginoon. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa’y ang mga nagdurusa ay makatagpo sa muling pagkabuhay ni Kristo ng tiyak na bukal ng kasiyahan at pag-asa. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa’y ang mga nag-aalilangan sa muling pagkabuhay ni Kristo ay matulungang manalig ng mabuting pamumuhay ng lahat ng sumasampalataya. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa’y lahat ng naging biktima ng mga kalamidad at karahasan ng tao ay makalaspag ng tunay na pagtulong ng lahat ng nananalig sa muling pagkabuhay ni Kristo. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa’y lahat tayong nagkakatipon dito upang ipagdiwang ang muling pagkabuhay ng ating Panginoon ay makalaspag ng kapangyarihan at bunga nito sa ating pang-araw-araw na gawain. Manalangin tayo! **B.**

* Upang ang karangalan at at kahalagahan ng mga kababaihan ay kilalanin at pahalagahan sa lahat ng bahagi ng mundo at upang mawakasan ang lahat ng uri ng diskriminasyon at pagtatangi sa daigdig. Manalangin tayo! **B.**

P – Hesus, tulungan mo kaming paglabanan ang nakamamatay na bisa ng aming pagkamakasalanan at maging tanda ng iyong muling pagkabuhay sa lahat nating mga kapatid. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B – Amen!



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakina-

bangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang mga alay ng iyong sambayanang natutuwa. Ang pagkabuhay ng iyong Anak na niloob mong aming ikatuwa ngayon ay papagbungahin mo ng galak na mananatili sa amin habang panahon, sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo ng Pagkabuhay V

P – Sumainyo ang Panginoon!

B – At sumaiyo rin!

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B – Itinaas na namin sa Panginoon!

P – Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos!

B – Marapat na siya ay pasalamat!

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Ikaw ang lumikha sa tanan. Ikaw ang nagtakdang magkaroon ng gabi at araw, gayundin ng tag-init at tag-ulan. Ikaw ang humubog sa tao bilang iyong kawangis na mapagkatiwalaang mangasiwa sa daigdig. Ikaw ngayo’y pinaglilingkuran sa pagganap sa pananagutan ng iyong pinagtitiwalaan sa pamamagitan ng Anak mong mahal.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B – Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinaabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos, ang Banal at Matuwid, na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kailangang pagtiisan ni Kristo ang kahirapan saka dapat na mabuhay, nang patawad ay makamtan. Aleluya, s'ya'y awitan!

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, tunghayan mo at lingapin ang iyong sambayanan na minarapat mong makinabang sa piging na pangmagpakailanman. Ipagkaloob mong kami'y maluwalhating makarating sa pagkabuhay na magtatampok sa amin sa iyong piling, sa pamamagitan ni Heskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGWAWAKAS



P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin!

P – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

–Pinagkalooban kayo ng Manunubos ng ganap na kalayaan. Magtamo nawa kayo ng kanyang buhay na walang hanggan.

B – Amen!

P – Sa pananampalataya nabuhay kayong kasama ni Heskristo sa bautismo. Maging banal nawa ang inyong buhay upang makasama niya kayo magpakailanman.

B – Amen!

P – Nagpakita si Heskristo sa kanyang mga disipulo upang tibayan ang kanilang pananampala-

taya. Tibayan nawa niya ang inyong pananampalataya upang magpatotoo kayo sa kanyang muling pagkabuhay sa inyong pang-araw-araw na buhay.

B – Amen!

P – Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Tapos na ang Misa. Humayo kayo at ibahagi ang kagalakan ni Kristong Nabuhay sa lahat ninyong makatagpo ngayon.

B – Salamat sa Diyos!

SILAYAN NAWA KAMI, PANGINOON!

Kalakbay at Katoto

Marami nang taon na hindi ko naririnig ang lumang awiting SILAYAN! Naging napakatanyag ng awiting ito kung kaya't pati sa maraming simbahan ay malimit itong marining noong mga araw na hindi malaman ng mga pari at layko kung paano ilagay at iayon sa panahon ang Bagong Misa matapos ang hindi lubos na naunawaang mga dokumento ng Vatican II Ecumenical Council.

Hindi ito isang awit pang-simbahan, kung tutuusin. Isa itong awitin ng pagsuyo sa minamahal, kahit na ito ay puno ng pagsusumamo at paghahanap ng pag-asa, maging “sa labi ng imbing kamatayan.”

Pero ang unang salita ay napaka makahulugan. Puede itong kumatawan sa isang marubdob na pagsusumamo sa Diyos na nagkukubli sa likod ng maraming mga pagsubok at karanasan ng kadiliman. SILAYAN! Parang hinihiling natin sa Panginoon na pagkalooban tayo ng kahit mumunting tilamsik ng liwanag. Parang taos-puso nating hinihingi sa kanya na tayo ay bigyan kahit sumandaling SULYAP sa gitna ng mga hilahil at kapighatian.

Ito rin ang marahil ay pagnanasa ng mga disipulong biglang naulila nang pinatay ang kanilang Panginoon at Guro. Naglalakbay sila nang papalayo sa Jerusalem, pabalik sa kung saan man sila maaring magmukmok o magluksa. Subali't ang kanilang malalim at mataimtim na pagnanasa ay natupad – Sumilay sa kanila ang liwanag ng Panginoon muling nabuhay. Nagpakita siya sa dalawang malungkot at naulilang disipulo. Ito rin ang matimyas nating inaasam – ang masilayan ang kapangyarihan ng kaniyang muling pagkabuhay.

Hindi tayo binibigo ng Panginoon. Narito siya at nagbubuhos ng masaganang liwanag ng biyaya at pananatili sa ating piling sa pamamagitan ng biyaya ng mga Sakramento, higit sa lahat, ang Sakramento ng Eukastiya, kung saan nahihipo, tinatanggap at pinaunlakan natin ang pakikisalamuha at pakikipaghihiwalay ng Diyos sa ating bayan.

Hindi na SILAYAN lamang ang ating dasal, kundi SALAMAT PANGINOON!



**WORD AND LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word And Life Publications

• Editorial Team: Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua